





Gumawa ng Mapa Para sa Paglilikas

Isulat ang ruta mula sa inyong paaralan patungo sa inyong tahanan o mapa ng lugar. Lagyan ng markang "x" ang mga mapanganib na lugar at isulat ang mga posibleng panganib.

Lagyan ng markang "○" ang lugar na lilikasan at ilagay ang ruta papunta sa lugar.



Kapag nagawa mo ng mabuti, humingi ka ng markang "○" mula sa iyong pamilya.




Magbigay ng mga halimbawa ng "Mapanganib na Lugar" at "Lugar na Lilikasan". Mapa ng Paglikas sa Oras ng Lindol at Mapa sa Paglikas sa oras ng bagyo ay maaaring magkaiba.




Gawing Ligtas ang Inyong Silid

Gamitin ang pananda, iguhit sa espasyo ① na ibinigay sa ibaba ang silid na kung saan kayo madalas namamalagi. Isulat din sa espasyo ② na ibinigay sa ibaba ang mga pananggalang upang maiwasang masaktan sa oras ng lindol.


Pakitandaan ang mga sumusunod:



Meron bang kahit anong kagamitan babagsak?




Kakalat ba ang mga basag na salamin?



Mabubuksan ba ang pinto?

Halimbawa




② Ayusin ang lagayan ng aklat at TV set. Lagyan ng safety film ang bintana.


Palatandaan

Paano gawing ligtas ang inyong silid?


Ayusin ito gamit ang metal fitting



Ayusin ito gamit ang panali



Lagyan ng safety film



①

②

Kung naramdaman ninyo ang paggalaw o nakarinig/nakakita ng Paalala Tungkol sa Lindol...

!! Manatiling mahinahon at proteksyunan ang sarili!



Kapag nagawa mo ng mabuti, humingi ka ng markang "○" mula sa iyong pamilya.





Tingnan ang mga Kagamitang Pang-emergency

Anu-anong mga bagay kayo at ng inyong pamilya ang itinatabi bilang mga kagamitang pang-emergency bilang paghahanda sa paglilikas? Tanungin ang inyong pamilya at itala ang mga bagay na mayroon sa bahay sa talaan sa kanan.

Pagkain at Inuming Tubig		Mga Damit		Mga Bagay sa Tahanan	
 Biskotso	 Inuming tubig	 Gamit pang-ulan	 Karagdagang panloob	[Halimbawa] Tubig	2 litro x 6 bote
 Crackers	 De latang pagkain	 Tuwalya	 Jacket		
Mga Bagay Pangkaligtasan		Mga Bagay na Madalas Ginagamit			
 Panangga sa ulo	 Hood para sa disaster	 Gwantes	 Toilet paper		
 Gasa	 Band-aid	 Nabibitbit na radyo	 Flashlight		
 Gamot para sa sugat					
Mga Bagay na Magagamit Kung Mayroon					
 Wet tissue	 Adhesive tape	 Mask	 Pambalot ng pagkain		

Mga Bagay na Dapat Tandaan sa Gamit Pang-emergency

- Pagkaing hindi na kailangan ng tubig ay rekomendado, gaya ng biskotso at crackers. (halimbawa, hindi ka makain ng instant noodle kapag walang mainit na tubig.)
- Tingnan ang pagkakaroon ng mga kagamitang pang-emergency paminsan-minsan. (Para sa pagkain at tubig, tingnan ang kanilang expiry date. Sa mga nabibitbit na radyo at flashlight, buksan ito upang malaman kung gumagana.)
- Kapag dadalhin nyo ito dapat ilagay ito maaring sa knapsack o maliit na bag na mabibitbit mo mag isa.

Kapag nagawa mo ng mabuti, humingi ka ng markang "O" mula sa iyong pamilya.



Ano ang dapat mong dalhin?



Magtalaga ng Lugar na Lilikasan

Sa oras na lilikas, ang miyembro ng pamilya ay madaling mahanap, kapag napag-usapan ang lugar bago pa lang ang paglilikas kung saan.

Pag-usapan ng inyong pamilya kung saan lilikas at ano ang gagawin kapag nakalikas na.

Sino	Lugar na Apektado ng Lindol	Lugar na Lilikasan	Pagkatapos ng Paglilikas
[Halimbawa] Tsuyoshi	Malapit sa bahay	Paaralan	Hintayin ang inyong pamilyang susundo
	Malapit sa dalampasigan ○○	△△△ Evacuation Center	Sabihin sa pamilya ang lugar na kung saan kayo lumikasgamit ang Disaster Emergency Message Dial (171)

Disaster Emergency Message Dial (171)

Paano mag-iwan ng mensahe	Paano Makuha ang Mensahe
<p>1 7 1 Idial ang numero 171</p> <p>Para Marecord: 1 1</p> <p>Numero ng Telepono (xxx) xxx-xxxx</p>	<p>1 7 1 Idial ang numero 171</p> <p>Para Marinig ito Uli: 2 2</p> <p>Numero ng Telepono (xxx) xxx-xxxx</p>

Kung kayo ay lilikas mula sa inyong tahanan, siguraduhing mag-iwan ng mensahe na kayo ay lumikas.



Tanungin ang iyong kapamilya kung ano ang naging saloobin nila sa talakayan.